LALAWIGAN NG SAN DIEGO

PROGRAMA NG PANGANGALAGA SA WATERSHED

# Mga Espesyal na Event

Sinusuportahan ng ***Programa ng Pangangalaga sa Watershed ng County ng San Diego*** ang mga negosyo at Mga Event Organizer sa kanilang mga pagsusumikap upang maiwasan ang polusyon sa pamamagitan ng pagbibigay nitong mahalagang Mga Pinakamagandang Kasanayan sa Pamamahala (Best Management Practices, mga BMP) ng Tubig mula sa Malakas na Buhos ng Ulan (Stormwater).

HINDI GINAGAMOT ang tubig na pinakakawalan sa mga kalsada, gutter, at mga storm drain sa County ng San Diego bago ito makarating sa ating mga lokal na sapa, ilog, at karagatan. Ang lahat ng pinagmumulan ng polusyon ay ipinagbabawal na makaalis sa iyong ari-arian at makapasok sa mga kalsada o mga storm drain. Tubig ulan lang ang pinapayagan sa mga kalsada at mga storm drain.

***Ang Mga Event Organizer at Mga Aplikante para sa Permit ay makakatulong na mapanatiling malinis ang ating mga daanan ng tubig sa pamamagitan ng pagsunod sa mga BMP para sa stormwater upang maiwasan ang polusyon.*** Bilang Event Organizer o Aplikante para sa Permit, ang unang hakbang ay tukuyin ang mga posibleng pinagmumulan ng mga discharge ng pollutant upang ipatupad ang mga BMP.

maaari nating **pangalagaan ang ating mga daanan ng tubig** sa kaunting hakbang lang.

## Bago Ang Event

- ☐ Protektahan at takpan ang lahat ng inlet ng storm drain sa lugar ng event.
- ☐ Ilagay ang mga lugar para sa Portable Sanitary Toilet nang malayo sa mga storm drain o mga anyong tubig.
- ☐ Ilagay ang mga basurahan at mga recycle bin sa mga lugar na madaling mapuntahan at panatilihing sarado ang mga takip upang mabawasan ang “lumilipad” na kalat.
- ☐ Magpanatili ng mga materyal at kagamitan para sa pagtugon sa natapon (hal., mga spill pad, basahan) at panatilihing madaling makuha ang mga ito.
- ☐ Sanayin ang mga tauhan sa event upang gamitin nang tama ang mga supply at pamamaraan para sa paglilinis ng natapon

*mas madami pang tip > > >*

***Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Stormwater Hotline sa (888) 846-0800 o bisitahin ang www.sandiegocounty.gov/stormwater para sa WPO.***

HUNYO 2022

# Mga Espesyal na Event

*Mga portable na banyo na malayo sa mga storm drain*

*Magwalis, magkalaykay, at mangolekta ng kalat/basura*

## Sa Oras ng Event

- Gumamit ng mga tuyong paraan ng paglilinis tulad ng pagwawalis, pagpupunas, pagva-vacuum, o pagkakalaykay.
- Walisin at alisin ang lupa, mga dahon, kalat, at mga maliliit na piraso mula sa mga sementadong lugar.
- Alisin ang kalat, mga maliit na piraso, at organic waste mula sa mga naka-landscape na lugar.
- Alisan ng laman ang basurahan at recycling containers upang maiwasan ang pag-apaw.
- Linisin kaagad ang mga natapon kapag nangyari ito.
- Magpaskil ng mga karatula upang hikayatin ang pagre-report kapag naglilinis o kapag kailangan ng pagsasaayos ng mga portable sanitary toilet.
- I-contain ang lahat ng natapon sa site. I-report kaagad ang anumang natapon o tumagas na umabot sa storm drain system sa pamamagitan ng pagtawag sa Stormwater Hotline sa (888) 846-0800.

## Pagkatapos ng Event

- Alisin ang takip ng anumang mga inlet ng storm drain na tinakpan sa oras ng event.
- Magsagawa ng panghuling paglilibot sa pasilidad.

*May takip na storm drain*

**Ang Programa sa Pangangalaga sa Watershed ng County ng San Diego ay magsasagawa ng random na mga inspeksyon ng stormwater upang masuri kung napapanatili ba nang tama ang lugar.** ***Ang kabiguang ma-contain at itapon ang basura at mga materyal na resulta ng event, ay maaaring magdulot sa Tagapangasiwa ng Event ng corrective action, mga multa at pagtangging mabigyan ng mga permit para sa event sa hinaharap.***

**salamat** **sa paggawa ng inyong bahagi para pangalagaan ang ating mga daanan ng tubig.**

***Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Stormwater Hotline sa (888) 846-0800 o bisitahin ang www.sandiegocounty.gov/stormwater para sa WPO.***